**American Income Life Insurance Company**

Executive Office: 1200 Wooded Acres Drive, Waco, Texas USA 76710
P.O. Box 2608, Waco, Texas USA 76702 • +1 (254) 761-6400 • Email: pos@ailife.com • www.ailife.com

**New Zealand Contact:** c/o AIL of New Zealand Limited
P.O. Box 15446 New Lynn, Auckland 0640 • (09) 827 9900 • Email: info@ailnz.co.nz • www.ailnz.co.nz



**Ang layon ng Buod ng Polisiya na ito ay upang ipaliwanag ang ilan sa mga pangunahing katangian ng Polisiya.**

Ang Buod ng Polisiya na ito ay isang maikling pangkalahatang pagtunghay lamang at hindi bahagi ng kontrata mo sa amin.

MANGYARING BASAHING MABUTI ANG POLISIYA KAPAG NATANGGAP MO NA ITO.

Ang aktwal na Polisiya ay may kumpletong impormasyon at nagtatakda ng anumang mga limitasyon.

# Buod Ng Polisiya – Polisiya Ng Seguro Sa Pagbabayad Sa Ospital (Hospital Indemnity Policy)

Sa Buod ng Polisiya na ito, ang mga salitang “kami”, “amin/namin” at “kami” ay nangangahulugang ang *American Income Life Insurance Company*, ang tagaseguro sa ilalim ng Polisiya.

Ang mga salitang “ikaw/ka” at “iyo/mo” ay nangangahulugang ang tao na nakapangalan bilang “Nakaseguro” sa Iskedyul ng Polisiya.

## Nagbibigay ang Polisiya ng mga benepisyo para sa Karamdaman o Pinsala

Nagseseguro ang Polisiya laban sa Karamdaman o di-sinasadyang Pinsala sa Nasaklawang Tao.

Magbabayad lamang kami ng angkop na benepisyo kung ang Pinsala ay mangyayari, o ang paggamot para sa Karamdaman ay magsisimula, habang umiiral ang Polisiya. Ibig sabihin ng “umiiral” (in force) ay hindi pa huminto ang pagsaklaw ng seguro.

Tinutukoy ka namin at ang bawat nakasegurong miyembro ng iyong pamilya bilang “Nasaklawang Tao”.

## Ikaw ay may karapatang kanselahin ang Polisiya sa loob ng 10 araw ng trabaho

Kung pipiliin mong kanselahin ang Polisiya sa loob ng 10 araw ng trabaho sa pagkatanggap nito mula sa amin, kung gayon, kami at ikaw ay nasa dating sitwasyon na parang walang na-isyu na polisiya. Sa ganitong kaso, ibabalik namin sa iyo ang anumang premium (perang naihulog) na nabayaran mo na.

Maaari mong kanselahin ang Polisiya sa pamamagitan ng pag-abiso:

- sa amin, sa aming mga detalye ng kontak sa itaas; o
- sa tagapayo ng *AIL sa NZ* na nagbenta nito sa iyo.

Kung kakanselahin mo ang Polisiya makalipas ang 10 araw ng trabaho sa pagkatanggap nito, hindi namin ibabalik ang anumang premium na nabayaran mo na.

## Maaaring iseguro ang iyong pamilya sa ilalim ng Polisiya

Ang mga miyembro ng iyong pamilya na maaaring iseguro ay:

- ang iyong asawa, partner sa civil union (kasal sa huwes) o partner na de facto;
- sinuman sa iyong mga anak na wala pang 19 na taong gulang na walang asawa, walang partner sa civil union o partner na de facto, at sila ay umaasa sa iyo para sa suporta.

Ngunit sa bawat kaso, upang maiseguro, sila ay dapat pangalanan sa aplikasyon o idagdag sa Polisiya makaraang ma-isyu ito. Ang saklaw para sa iba pang mga umaasa (dependents) ay sasalalay sa aming pag-apruba.

Naglalaman ang Polisiya ng detalyadong mga kondisyon kung kailan matatapos ang seguro para sa mga miyembro ng pamilya sa ilalim ng Polisiya. Kabilang sa mga kondisyong ito, halimbawa, ano ang mangyayari kapag umabot na sa 19 taong gulang ang iyong mga anak.

## Maaari kaming tumangging magbayad ng mga benepisyo kung magsasabi ka nang hindi tama sa iyong aplikasyon

Kung magsasabi ka sa amin nang hindi tama sa iyong aplikasyon para sa Polisiya (o hindi magsama ng isang bagay), kung gayon, sa unang dalawang taon (kung pinapahintulutan ng batas) maaari naming:

- kanselahin o pawalang-saysay ang Polisiya; at
- tanggihang magbayad ng anumang mga paghahabol na iyong gagawin.

Pagkalipas ng dalawang taon na iyon, hindi namin pawawalang-bisa ang Polisiya o tatanggihang magbayad ng anumang mga paghahabol kung sasabihin mong may mali sa iyong aplikasyon (o may hindi naisama). Maliban kung ikaw ay naging mapanlinlang sa paggawa nito.

## Nagbabayad kami ng iba't ibang uri ng benepisyo

Ang sumusunod na mga benepisyo ay maaaring bayaran kung ang Nasaklawang Tao ay may Pinsala o Karamdaman.

### *In-Hospital Indemnity Benefit (Benepisyo sa Pagbabayad sa Nasa Ospital)*

Magbabayad kami ng In-Hospital Indemnity Benefit kung ang Nasaklawang Tao ay kailangang manatili sa ospital dahil sa Pinsala o Karamdaman. Para magbayad kami:

- ang Polisiya ay dapat umiral para sa bawat araw ng pananatili sa ospital;
- ang pananatili sa ospital ay dapat hilingin ng doktor.

Ang benepisyong ito ay babayaran para sa bawat araw na ang Nasaklawang Tao ay nananatili sa ospital para sa kinakailangang pangangalaga at paggamot. Ang halagang babayaran namin kada araw ay nakasaad sa Iskedyul ng Polisiya. Ang pinakamaraming bilang ng araw ay 365.

### *Out-Patient Surgical Indemnity Benefit (Benepisyo sa Pagbabayad sa Pasyenteng Pang-araw)*

Magbabayad kami ng Out-Patient Surgical Indemnity Benefit kung ang Nasaklawang Tao ay inoperahan bilang isang pasyenteng Pang-araw sa isang ospital o pasilidad ng opersyon sa pasyenteng pang-araw.

Ang benepisyong ito ay babayaran para sa bilang ng mga araw (na nakasaad sa Polisiya) depende sa klase ng operasyon.

### *At-Home Indemnity Benefit (Benepisyo sa Pagbabayad sa Nasa Bahay)*

Magbabayad kami ng At-Home Indemnity Benefit kung itinuturing ng doktor na kailangan ng Nasaklawang Tao na siya ay bisitahin para sa:

- mga serbisyo ng may-kasanayang nars; at
- paggamot na pampisikal, pananalita, pandinig at pantrabaho.

Ang mga pagbisita sa bahay ay dapat simulan sa loob ng 7 araw ng pananatili sa ospital ng Nasaklawang Tao.

Hindi kami magbabayad ng mahigit sa isang linggo ng At-Home Weekly Benefit para sa bawat araw na nananatili sa ospital ang Nasaklawang Tao. Babayaran namin ang benepisyong ito sa pinakamahabang panahon na 12 linggo.

### *Emergency Accident Benefit (Pang-emerhensyang Benepisyo sa Aksidente)*

Magbabayad kami ng mga gastusin kung ang Nasaklawang Tao ay gagamutin sa isang ospital o pasilidad para sa pasyenteng Pang-araw para sa Pinsalang sanhi ng isang aksidente. Magbabayad lamang kami ng mga gastusin na nangyari sa loob ng 72 oras ng aksidente.

Ang pinakamalaking halaga na babayaran namin para sa anumang isang aksidente ay nakasaad sa Iskedyul ng Polisiya. Hindi namin babayaran ang Emergency Accident Benefit kung ang Nasaklawang Tao ay:

- kailangang manatili sa ospital dahil sa aksidente; o
- marapat para sa iba pang benepisyo sa ilalim ng Polisiya.

Hindi namin babayaran ang Emergency Accident Benefit para sa mahigit 3 aksidente sa bawat taon ng kalendaryo para sa bawat Nasaklawang Tao.

### *Accidental Death and Dismemberment Benefit (Benepisyo sa Aksidenteng Pagkamatay at Pagkaputol ng bahagi ng katawan)*

Magbabayad kami ng Accidental Death and Dismemberment Benefit kung ang Pinsala sa isang Nasaklawang Tao ay magreresulta sa alinman sa mga kawalan na nakasaad sa Polisiya (kabilang ang pagkamatay) para sa benepisyong ito.

Babayaran namin ang Accidental Death and Dismemberment Benefit sa halip ng iba pang mga benepisyo na maaaring bayaran sa ilalim ng Polisiya na nagreresulta mula sa mismong aksidente.

## Maaaring idagdag sa Polisiya ang karagdagang benepisyo

Ang isang karagdagang benepisyo ay maaaring idagdag sa Polisiya na may karagdagang premium (halagang ihuhulog).

Ang karagdagang benepisyo ay babayaran kung ang Nasaklawang Tao ay naospital at tumatanggap ng In-Hospital Indemnity Benefit sa ilalim ng Polisiya. Ang benepisyo ay babayaran habang ang Nasaklawang Tao ay:

- hindi makayanang gawin ang kanyang regular at nakagawiang mga tungkulin; at
- nasa ilalim ng pangangalaga ng isang doktor.

Ang karagdagang benepisyo ay isang lingguhang kabayaran na nagsisimula sa petsa ng paglabas sa ospital ng Nasaklawang Tao. Ang bilang ng mga linggo na babayaran ang benepisyo ay depende kung gaano katagal nasa ospital ang Nasaklawang Tao. Ang pinakamahabang panahon para sa benepisyo ay 12 linggo.

Ang karagdagang benepisyo ay isasaad sa isang dokumentong tinatawag na “Recuperation Indemnity Benefit Policy Add-on” (Dagdag sa Polisiya ng Benepisyo ng Pababayad sa Paggaling).

Ang Recuperation Indemnity Benefit Policy Add-on ay magiging bahagi ng Polisiya at dapat basahin kasama ng Polisiya na iyon. Maliban kung ang Dagdag sa Polisiya ay iba ang sinasabi, hindi nito mababago ang mismong Polisiya.

## Hindi kami magbabayad ng anumang benepisyo sa ilang mga pangyayari

Hindi kami magbabayad ng mga benepisyo kung ang kawalan ay sanhi o kinalabasan ng:

- digmaan o anumang kilos-digmaan, o anumang pinsalang nangyari habang nagsisilbi sa mga hukbong-sandatahan na kasangkot sa digmaan, idineklara man o hindi;
- pagpapakamatay o anumang pagtatangkang magpakamatay, habang nasa tama o wala sa tamang pag-iisip, o mula sa sinadyang pagpinsala sa sarili;
- mga karamdamang pangkaisipan o emosyonal;
- normal na pagbubuntis, normal na panganganak o pagpapalaglag;
- pagsasagawa o tangkang pagsasagawa ng isang krimen na napaparusahan ng pagkabilanggo;
- paglalakbay sa eroplano, maliban sa isang namamasaheng pasahero sa isang regular na naka-iskedyul na eroplanong komersyal; o
- pag-inom o nasa ilalim ng impluwensya ng alak o iba pang nakalalasing, o pag-inom o nasa ilalim ng impluwensya ng anumang drog o narkotiko (maliban sa ligal na mga droga na inireseta ng isang doktor).

Hindi kami magbabayad ng mga benepisyo para sa isang pangyayari sa unang dalawang taon ng seguro ng Nasaklawang Tao kung:

- ang pangyayaring iyon ay dahil sa isang kondisyon kung saan inirekomenda ng doktor o nagbigay ng payong-medikal o paggamot; at
- ginawa ito ng doktor sa loob ng dalawang taon bago nagkabisa ang seguro ng tao na iyon.

Gayunpaman, ang mga kondisyong pangkalusugan na nakalista sa aplikasyon ay sasaklawin kaagad, maliban kung ang mga ito ay hindi kasama sa seguro ng isang dokumentong kalakip sa Polisiya.

## Dapat bayaran ang regular na premium

Ang regular na mga premium ay dapat ibayad sa amin upang panatilihing umiiral ang Polisiya. Ang halaga ng premium ay nakasaad sa Iskedyul ng Polisiya.

Kung ang premium ay hindi nabayaran bago dumating ang takdang petsa, naglalaan kami ng 31 araw para mabayaran ang premium.

## Awtomatikong napapanibago ang Polisiya

Ang Polisiya ay garantisadong paninibaguhin habang ikaw ay nabubuhay. Ito ay sa kondisyong ang mga premium ay nabayaran at natugunan mo ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Polisiya. Hangga't umiiral ang Polisiya at natutugunan mo ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Polisiya, hindi namin makakansela ang Polisiya o makapaglalapat ng anumang karagdagang mga paghihigpit dito.

Kami ay may karapatang baguhin ang mga halaga ng premium sa pagpapanibago ng Polisiya. Ang ganitong pagbabago ay ilalapat sa lahat ng mga polisiya sa New Zealand na may parehong anyo sa Polisiya. Bibigyan ka namin ng 31 araw na paunawa tungkol sa pagbabago.

## Paano ka makagagawa ng paghahabol (claim)

Dapat mo kaming abisuhan ng isang paghahabol (claim), na nakasulat (o ang isang tagapayo ng *AIL sa NZ*). Dapat mo itong gawin sa loob ng 60 araw ng simula ng anumang kawalan na saklaw ng Polisiya, o sa lalong madaling panahon makalipas ang panahong iyon.

Padadalhan ka namin ng mga form sa paghahabol upang kumpletuhin sa sandaling inabisuhan mo kami tungkol sa paghahabol.

Dapat mong kumpletuhin amg mga form sa paghahabol at ibalik ang mga ito sa amin (o sa isang tagapayo ng *AIL sa NZ*), kasama ang anumang pangsuportang impormasyong medikal. Dapat mong gawin ito sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng kawalan. Kung hindi makatwirang makumpleto at maibalik ang mga form sa takdang petsang ito, maaari kang bigyan ng dagdag na panahon upang gawin ito (na nakadetalye sa Polisiya).

Ang mga benepisyong babayaran sa ilalim ng Polisiya ay aming babayaran sa sandaling matanggap namin ang nakasulat na katibayan ng kawalan.